

1 si squidward at si spongebob

Some things are just not meant to be.

May mga bagay na simula pa lang, dinesisyunan na ng tadhana na, “*No. Hindi ito puwede.*”

Theory ng professor nila noong college, nagsisimula raw iyon sa pagpapangalan. Oras na bigyan daw ng pangalan ang isang bagong panganak, para mo na ring isineal ang fate nito. May mga meanings raw kasi ang mga pangalan at iyon ang nagiging tadhana ng bata. Kung ‘Joy’ ang name niya, malamang masayahin siya. Si ‘Venus’, malamang maganda. And so on. ‘Yun daw ang rason kaya si Jacob sa Bible, pinalitan ni Lord ang pangalan.

Basta gan’un.

Parang gusto nang maniwala doon ni Christian Rojo (o ‘Ichan’ sa mga tropa niya). Iyong kasing love team name nila ng mahal niya, #ChanSing ang name. Ang bastos ng tunog, mala-acts of lasciviousness papuntang sexual harassment; ayun tuloy, hindi ma-develop.

Hmp. Semplang.

“Ano na? Sasamahan mo ba ako o ano?” tanong sa



kanya ng kalahati ng nabanggit na (non-existent) love team, si Lara Eunice Sanchez ('Nissy' sa lahat; 'Ising' sa kanya dahil gusto niya itong inisin) mula sa kabilang linya.

Na-imagine niyang namaywang pa ito na para bang utang niya rito ang paghinga niya kaya dapat sundin niya ang lahat ng gusto nito, including pagsama sa mga bars at pagtitiis sa maiingay na tugtugan.

Na-imagine niya ang makikinang nitong mata, ang cute na ilong, mapupulang labi at napasabunot na lang siya sa sariling buhok.

Kung hindi lang talaga niya ito mahal, di siya magtitiis.

Inis na inirapan ('yung machong irap, ah!) ni Ichan ang mental picture ng kanyang object of hidden desire. "Sige na, daanan mo na lang ako dito sa apartment."

Narinig niya ang tuwa nito at nahiling niya bigla na sana kaharap niya ang babae at hindi kausap lang sa phone para makita niya ang ngiti nito.

"Thank you, BFF 5ever," sabi pa ni Ising. Iyon ang tawag nito sa kanya. Kasi raw: 5ever > 4ever.

"Yeah, whatever."

"See you in fifteen minutes, Pogi," pambobola pa nito bago tinapos ang tawag.

"Brat," he murmured.

Asar-talong ibinaba niya ang hawak na phone sa ibabaw ng ginagamit na lumang Steinway baby grand piano at sinimulan nang sinupin ang mga music sheets. Hindi na siya makakapag-concentrate sa ginagawang pagpa-practice ganitong bad mood na siya.

Isa pa, nangyaring walang konsiderasyon ang ‘pseudo date’ niya, sasabihan siyang aalis sila fifteen minutes bago ito sumulpot sa pintuan niya.

Nagmamadali niyang tinungo ang sariling kuwarto sa apartment na iyon na solo niyang nirerentahan at mabilisang nag-shower at nagbihis.

Habang nag-aayos ng sarili, naalala iyong unang pagkakataong naging bihag siya ni Lara Eunice Sanchez (not literally).

Nasa isang convenience store si Ichan at namimili ng bibilhing cold drink. Senior student pa lang siya noon at galing sa isang outdoor activity na hindi na niya matandaan kung para saan. Pawis na pawis at medyo hinihingal pa na nakatitig siya sa isang bote ng Coke na agad niyang binuksan ang ref. Laking gulat niya nang may matamaan siya.

Ganoon na lang ang panlalaki ng mga mata niya nang makita ang isang maliit na batang nakayukyok sa tabi ng ref at nataranta nang umatungal ito nang malakas.

“What the...?” Mabilis niyang inabot ang bata at



inilayo ang mga kamay nitong nakatakip sa mga mata.

Lumantad sa paningin niya ang duguan nitong mukha. Napasinghap siya kasabay ng malakas na kaba.

Noon naman siya may narinig na tila sirena ng bumpero. Lumingon siya at parang sa pelikula, nag-slow mo sa utak niya ang bawat galaw ng magandang babaeng nakita niya. Maikli at stylish ang buhok nito, maliit ang mukha at pagkaganda-ganda. Bigla niyang naisip, kung artista ito puwede itong gumanap na diwata o anghel kaya. Or si Belle sa Beauty and the Beast. Or kahit sinong Disney....

Pero nagising siya nang muling tumunog ang sirena ng bumpero. Hahanapin na sana niya kung saan ang sunog nang ma-realize na katabi niya ang pinanggagalingan ng sirena-like na ingay. (Noon din nagsimula ang endearment niya kay Ising na 'Siren'. Hindi iyong mermaid o 'yung mythological creatures ang reference niya kundi iyong maingay na sirena ng firetrucks. Ang sweet ni Ichan 'noh? :)

"Oh my God, BJ! Ano'ng nangyari?" sabi pa ng babae saka tumili uli. Tarantang hinalungkat nito ang bitbit na backpack at kumuha ng tissue para pahirin ang dugo sa mukha ng bata. "S'abi ko na kasing wag kang lumayo sa akin, eh."

"SIYA PO KASI!" sumbong ng bata na ikinalaki ng

mga mata ni Ichan. Naging super saiyan yata ang mga daga sa dibdib niya nang tumutok sa kanya ang matalim-pa-sa-kutsilyo-ng-nanay-niya na tingin ng magandang babae.

“Ikaw?” asik nito, medyo sirena-like pa rin ang tono.

“Ah, n-no. H-hindi ako,” tarantang aniya.

Pinaningkitan siya nito ng mata. “Sinasabi mo bang sinungaling ang kapatid ko?”

“No! I mean, ako nga ang nakatama sa kanya pero hindi ko sinasadya. Binuksan ko ‘yung ref at kukuha ako ng softdrink, hindi ko siya napansin.”

“Stop crying!” asik nito sa kapatid. “Naglikot ka na naman siguro kaya ganyan.” Ininspeksyon nito ang mukha ng paslit habang patuloy ang pagpupunas sa dugo.

“Kukuha lang ako ng ice cream! Sabi ko na kasi, gusto ko nga ng ice cream!” himutok ng bata; brat na masarap tirisin lang ang peg.

“Ahm, sasamahan ko kayo sa clinic ng tita ko dyan lang sa malapit, kung okay lang sa inyo d’un.”

Dinampot nito ang isang malaking tub ng ice cream at inabot kay Ichan. “Bayaran mo, hihintayin ka namin sa labas,” diin nito saka kinuha ang kamay ng kapatid nitong hihikbi-hikbi pa rin.

Walang imik na kinuha niya ang lata ng Coke na siyang pinagmulan ng lahat ng kanyang paghihirap



pagkatapos ng eksenang iyon.

Sinamahan nga niya ang mga ito sa clinic ng tita niyang pediatrician. Maliit na sugat lang naman ang tinamo ng batang si BJ, pero nasa parteng kilay kaya ganoon kadugo. Nilinisan iyon at tinahi ng tita niya at pagkatapos, hinatid niya rin ang dalawa sa bahay ng mga ito.

Nadatnan nila ang mga magulang ng dalawa at inaya pa siyang maghapunan ng mga ito. Mabait ang mag-asawa, maasikaso at medyo mausisa rin. In-invite pa nga siyang tumugtog sa piano ng lola ni Nissy, matapos niyang mabanggit na Music ang course niya at piano ang major.

Tuloy, alas nueve pasado na siya nakauwi nang gabing iyon (na ipinagtaka ng sarili niyang parents; hanggang saan daw ba sila nakarating at inabot nang ganoon katagal ang Alay-Lakad?).

Okay na rin kay Ichan, dahil pagkatapos ng araw na iyon, nagkaroon siya ng kaibigan/secret crush/love of his life/biggest heartache.



“Kaya hindi ka makahanap ng bagong girlfriend eh,” narinig niyang sambit ni Ising sa mismong tainga niya.

Magkatabi sila sa isang mesa sa isang bar sa Quezon City at nakikinig sa kung sinong bandang may feeling

guwapo na vocalist.

Nilingon niya ang babae. “Nagsalita ang NBSB.” (o No Boyfriend Since Birth).

Tumawa ito iyong tawa na alam niyang nangungutya. “At least, naghahanap ako ng prospect.” Iminuwestra nito ang paligid na parang sinasabing kaya sila naroon sa lugar na iyon ay para nga solusyunan ang loveless status nito. “Eh, ikaw? Napakasungit mo’t permanente na ‘yang kunot sa noo mo, wala tuloy magkagusto sa ‘yo.”

Lalo niyang ikinunot ang nabanggit na parte ng anatomy niya. “Dalawang linggo pa lang akong walang girlfriend, pinagpapahinga ko pa ang puso ko, okay?”

“Yeah, sure,” sarkastikong ngiti nito. “Para namang nasaktan ka talaga n’ung naghiwalay kayo ni Emily.”

Hindi niya iyon kinumentuhan. Kung susubok siyang magdependa ng sarili, magbibigay lang ito ng komento na parang gustong palabasing hindi siya marunong magmahal at para sa kanya ang hit song ni Jovit Baldivino (a.k.a. *Pusong Bato*). “Isa pa, bakit pa ako maghahanap ng magpapasakit ng ulo ko, ikaw pa lang hindi na kinakaya ng Analgesic at Mefenamic Acid?”

Muling tumawa ang babae at sa pagkakataong iyon, hindi niya pinigilan ang sariling titigan ito. She looked lively and full of life and fun whenever she laughed. Parang invincible ito sa stress o anumang distress,



kabaligtaran niya nitong nakakaraan na from Ising's words and he quote, "*nawawala lang ang 'I hate the world' facial expression mo kapag nasa harap ka ng piano*". Para tuloy silang sina *SpongeBob* at *Squidward*.

"Sabagay, wala naman sa tipo mo 'yung mga klase ng babaeng mahilig sa parties at rock concerts," sambit ng kasama.

Tinaasan ito ni Ichan ng kilay. "Paano mo naman nasabi 'yan?"

She shrugged. "Two years na tayong magkaibigan, kilala ko na taste mo. Gusto mo 'yung kagaya mong medyo reserved, 'yung mahilig sa classical music, sosyal ang taste."

Hah, kung alam lang nito...

"Really?" sarcastic na aniya.

Tumango ang dalaga. "Petite. May dimples. Gan'un si Michelle, si Emily, si Rachel at si... ano nga pangalan n'ung marunong mag-saxophone?"

"Mindy."

"Right! Si Mindy nga!" anito. "Gan'un ang mga type mo."

"Sila ang may type sa akin, not the other way around," matabang na aniya.

"Yabang!" Ang lakas ng tawa nito, may kasama pang palo sa braso niya. "Ikaw na heartthrob!"

“Thank you.” Deadpan pa rin siya.

“Okay, sige na, hindi mo type ‘yung tatlong ‘yun, pero sa tingin ko, gan’un ang bagay sa ‘yo. Ang mga babaeng may gan’ung personality ang makakasundo mo.”

Again, sasabihin niya lang ulit: kung alam lang ni Ising ang totoo.

“Yeah, whatever,” ani Ichan at matabang na pinaikot ang tingin sa paligid ng madilim na lugar. “On the other hand, naglipana ang tipo mong lalaki rito.” Tinaasan siya ng kilay ng kaibigan. “Mga maiingay na durugista at mukhang terorista.”

“Oy! Judgmental ka!” asik nitong pinanlakihan siya ng mata.

“I’m sorry,” aniya kahit hindi. “Ang ibig kong sabihin ‘yung mahilig sa rock music. Pangalawa, may tattoos sa katawan at pangatlo, ‘yung may mga Mid-Eastern features. Satisfied?”

Umirap lang ito sa kanya; naalala niya tuloy kung gaano kalantik ang mga pilikmata ng babae.

Speaking of mata, agad nagkabuhay ang mga mata ni Ising nang makita ang kai-introduce pa lang na banda.

Kinabahan siya nang marinig ang sinabi nito. “OMG, Christian Rojo. I think I found ‘The One’.”

Pinagmasdan ni Ichan ang lalaking tinutukoy ni



Ising.

Naka-t-shirt ito na isang size na mas maliit sa talagang size nito at low-waist maong. Dahil maiksi nga ang top, bumubulaga ang abs nito kada itataas ang kamay. Malamig, buo at malalim ang boses ng lalaki kaya hindi masakit sa tainga. Guwapo rin kung yardstick ni Ising ng guwapo ang pagbabasehan.

Mid-Eastern facial features? Check.

Tattoos? Nakalantad ang mga braso nito kaya kita niyang check na check.

Rakista? Bokalista sa banda kaya higiteng check.

Mayamaya, napasinghap ang kanyang katabi.

“Oh. My. God.” Nagulat si Ichan nang marinig ang hikbi ni Ising. Nanlalaki ang mga matang nilingon niya ito. “I know him.” Kumunot-noo siya. “I know him, Chan. Ex ko ‘yan, eh.”

Naramdaman niyang parang plastic balloon na tinapakan ang kumpyansa niya sa sarili.